ACTIVITY SHEET
FILIPINO1
QUARTER 3-MODULE 9

Pangalan: _____1-_____

Pagpapahayag ng Sariling Ideya /Damdamin o Reaksyon Tungkol sa Kuwento, Tekstong Pang-impormasyon at Tula

Activity No. 1
Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tula. Alin sa mga sumusunod ang angkop na pangunahing ideya, reaksyon o damdamin.

Pandemya
ni Gng. Marites S. Espe

Pandemya, walong letrang laging binabanggit
Sa puso at isip ng madla ay puno ng hinagpis
Sapagkat ang mga bagay na ninanais
Tila'y mahirap nang makakamit

Ang mundo nati'y puno ng pangamba.
Lungkot at pighati damang-dama na,
Dahil ito sa pandemyang naging salot na.
Kung kayat gutom at hirap saanma'y makikita.

Alin sa mga sumusunod ang angkop na pangunahing ideya, reaksyon o damdamin ng nabasang tula? Lagyan ng tsek ang kahon ng iyong sagot.

- ☐ 1. Ang pandemya ay nakatatakot.
- ☐ 2. Marami na ang naaapektuhan sa pandemya.
- ☐ 3. Nawala si Nena.
- ☐ 4. Mag-ingat para hindi makapitan ng sakit.
- ☐ 5. Magtulungan para malabanan ang pandemya.

Activity No. 2
Panuto: Gumuhit ng tatlong bagay o gawain para makaiwas sa lumalaganap na sakit sa kasalukuyan. Gawin ito sa bond paper.

LIVEWORKSHEETS